# 1

Ginulantang ng biglaang pagtunog ng telepono ang tahimik na paligid ni Ella. Nakadama siya ng kaunting iritasyon dahil doon.

Nasira ang concentration niya sa pagsusulat. Nasa harap siya ng computer monitor at nasa kalagitnaan ng isang maselang eksena sa kuwentong isinusulat niya.

Si Ella de Mesa-Montalvo ay isang matagumpay na romance novelist. Mahigit anim na taon na siyang nagsusulat. Nadiskubre niya ang talentong ito noong nasa pangatlong taon siya sa kolehiyo. At kapag nagsusulat siya ay gusto niya ng tahimik na paligid. Iyon ang dahilan kaya solo siyang naninirahan sa isang bahay.

Mula sa kanyang silid ay pahangos siyang lumabas patungo sa sala upang sagutin ang telepono. Walang tigil iyon sa pagtunog.

"Hello? This is Ella Montalvo speaking. Who's calling, please?"

"Ella?" Tila alanganin ang tinig sa kabilang linya.

Kagyat na natigilan siya nang marinig ang pamilyar na tinig ng babae.

Nakaramdam siya ng panlalamig ng katawan.

Kilala niya ang may-ari ng boses na iyon. Hindi niya maaaring maipagkamali kaninuman.

"Shara?"

"Ako nga ito, Ella," sagot ng babae. Hindi maitago ang uncertainty sa tinig nito.

Huminga nang malalim si Ella. Tatlong taon na silang walang komunikasyon ni Shara. Ang alam niya ay nasa London ito at permanente nang naninirahan doon. Ang huling balita niya ay nakapag-asawa na ito ng isang British national.

"N-napatawag ka… hindi ko alam na nasa Pilipinas ka na pala." Malamig ang tono niya. "Kanino mo nalaman ang phone number ko?"

Dinig niya ang pagbuntong-hininga ng babae sa kabilang linya. "Nagbakasakali akong tumawag kanina sa bahay n'yo. Si Krystal ang nakausap ko. Nagmakaawa ako sa kanya na ibigay sa akin ang bagong phone number mo." Sandaling tumigil ito. Si Krystal ay ang nakababata at bunsong kapatid niya. "I had to call you. Si Kuya Zander…." Hindi nito

maituloy ang sasabihin.

Kaagad na umakyat ang dugo sa kanyang ulo pagkarinig sa pangalang binanggit nito.

"I don't want to talk about him," aniya sa galit na tinig. "Now or ever. I've told you that before, Shara. I don't want to hurt your feelings. I know you mean well, but I have absolutely no interest in your brother."

Tatlong taon na ang nakakaraan nang putulin ni Ella ang pakikipagkaibigan niya kay Shara. Kinailangan niyang gawin iyon upang tuluyang malagot ang ugnayan niya sa kapatid nito. Ilang beses nagtangka ang babae na kausapin siya noon. Ngunit nagmistula siyang bingi sa mga pakiusap nito.

Saglit na natahimik sila pareho.

"H-hindi mo naintindihan, Ella," puno ng emosyong saad ni Shara, gumaralgal ang tinig nito.

"I understand very well." Pilit niyang pinatigas ang boses. "At ang akala ko ay naintindihan mo rin, Shara. Alam mo na pangalan pa lang ng kapatid mo ay ayaw ko nang marinig."

"Ella, listen to me. May importante akong sasabihin sa iyo kaya kita tinawagan. Asawa ka pa

rin ng kapatid ko. Kailangan mong malaman ang kalagayan niya ngayon."

Bigla ang pagbayo ng kaba sa dibdib niya. "W-why?" Hindi lang curiosity ang nagbunsod sa kanya para magtanong.

"Nasa hospital si Kuya Zander, Ella. Malubha siya. Naaksidente siya noong nakaraang linggo."

For a few seconds, Ella just stood there. Shock echoed through her system—making her stomach tense and her eyes wide.

"Ano!" Hindi halos lumabas sa bibig niya ang kataga.

Dinig niya ang paghikbi ni Shara sa kabilang linya. "Bumangga sa isang malaking truck ang kotseng minamaneho ni Kuya Zander n'ong isang linggo."

Nawalan ng kulay ang kanyang mukha. "Oh, God!" bulalas ni Ella. Napaupo siya sa sofa; hindi niya kakayaning manatiling nakatayo dahil nanginginig ngayon ang mga tuhod niya. "Pero nagkita lang kami n'ung isang linggo sa isang restaurant," sa nanginginig na boses ay sabi niya. Hindi pa rin siya makapaniwala na involved sa isang aksidente si Zander.

Naalala pa niya ang kapwa gulat na expression nila ng dating asawa nang di-sinasadyang magkita sila sa isang restaurant sa Makati. Normal lang ang mga reaksyon nilang iyon dahil tatlong taon silang hindi nagkita o nagkausap man lamang. Naisip pa nga niya na sadyang napakaliit ng mundo para hindi sila muling pagtagpuin nito.

Nakita niyang kumunot ang noo ni Zander nang makita nitong kasama niya si Jay de Silva nang gabing iyon. Naalala rin niya ang mga emosyong hatid sa kanya ng pagkikita nilang iyon ng lalaki. Ilang gabi siyang ginambala ng imahe nito at ng magandang babaeng kasama nito.

Sa pagkikita nilang iyon ay naisip niyang hindi pa rin nagbabago si Zander—babaero pa rin ito katulad ng dati. Mahilig pa rin ito sa magagandang babae. Dahil doon ay lalong nadagdagan ang pagkamuhi niya sa dating asawa.

“Iyon ang huling gabing lumabas si Kuya Zander,” narinig niyang pagpapatuloy ni Shara. “Ang sinabi ng Mama, pauwi na raw sa bahay si Kuya nang mangyari ang aksidente.” Muling humikbi ang babae. “Nabigla ako nang mag-overseas call sa akin si Mama at sabihing naaksidente si Kuya. Kaagad akong umuwi ng Pilipinas.”

"K-kumusta na siya ngayon?" Pakiramdam ni Ella ay may malaking bara sa lalamunan niya.

"The doctor said his head injuries are serious."

Hindi niya namalayan na nagsimula nang tumulo ang luha niya. Pigilan man niya ang sarili ay hindi niya maiwasang makadama ng pangingipuspos dahil sa kalagayan ngayon ng dating asawa.

Hindi niya ma-imagine si Zander Montalvo sa malubhang kalagayan. Sa tuwina ay matatag, malakas at matipuno ang imahe nito sa isipan niya.

"He lost so much blood! Nakabenda ang halos buong katawan niya. The doctors were evasive in telling us the truth but it was so obvious that Kuya Zander is not doing well."

Sunud-sunod ang pagtahip ng dibdib ni Ella sa bawat naririnig niya mula kay Shara. At hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit kailangan pa niyang makaramdam ng ganoon.

Hindi ba dapat ay namumuhi pa rin siya sa lalaki?

Bakit ganito pa rin ang pag-aalala niya sa dating asawa?

Tatlong taon na silang hindi nagsasama. Kung may kasalanan man siya sa nangyaring paghihiwalay

nila ay higit ito.

Nahuli niya ito sa akto na may ibang babaeng kasiping sa kama. At ang pinakamasakit doon ay sa mismong kuwarto pa nila!

"Sinadya naming ilihim sa media ang nangyari. Pinakiusapan namin ang unang grupo ng press na nakaalam na huwag nang ilathala sa mga pahayagan ang tungkol doon."

"Nasaang ospital siya ngayon?"

Binanggit ni Shara ang pangalan ng isang pribadong ospital sa Quezon City.

"Pupunta ako d'yan," walang pag-aalinlangang sabi ni Ella. Gusto niyang makita ang kalagayan ni Zander. Hiwalay man sila nito ay asawa pa rin niya ito—legally speaking.

"I will send a car for you," alok ng kanyang kausap.

"Hindi na kailangan, Shara. Magta-taxi na lang ako papunta d'yan."

Hindi na ito nagpilit. "May gusto lang akong sabihin bago ka pumunta dito, Ella."

"Don't worry, Shara. Hindi ako makikipag-usap

kay Zander. Gusto ko lang makita ang kalagayan niya ngayon. Kahit paano ay may pinagsamahan din kami ng kuya mo."

"I have to warn you before you go here." Muli ay naroon ang uncertainty sa tono ng boses ni Shara.

"What do you mean?" Naisip ni Ella ang ina ng mga ito. Hindi lingid sa kanya na sa simula pa lamang ay tutol na sa kanya ang mama ni Zander.

"Dalawang beses nang nagkakamalay si Kuya. At sa dalawang beses na iyon ay parehong pangalan mo ang binabanggit niya. Hinahanap ka niya, Ella."

Saglit na natigilan siya, pagkuwan ay, "H-hindi ko maintindihan… hiwalay na kami. Bakit pa niya ako hahanapin?"

"He asked where you are, he asked when are you coming." Lalo siyang naguluhan sa sinasabi ng babae. "At first we thought he was just dazed, but after the second time, we realized what was wrong." Saglit itong natahimik. Lalo naman siyang inatake ng kaba. "Ella…"

"Sabihin mo na kung ano iyon, Shara."

"Kuya Zander has lost his memory." Natigagal si Ella dahil doon. "He doesn't remember anything

that has happened in the last three years. Hindi niya maalalang naghiwalay kayo."

Lalong humigpit ang pagkakahawak niya sa telepono.

"Kuya Zander asked for you two times. He wanted to know why we have not brought you to him." Muling gumaralgal ang tinig ni Shara. "Oh, Ella, Kuya Zander is afraid that you were in the car with him when the accident happened… that you are dead and we are keeping it from him."

# 2

Matapos makausap sa telepono ni Shara ay ilang segundo munang tumitig sa kawalan si Ella.

Shocked pa rin siya sa nabalitaang nangyari kay Zander. Nabingit sa kamatayan ang buhay ng lalaking naging asawa niya nang halos isang taon. Dama pa rin niya ang bahagyang pangangatal ng katawan. Napayuko siya.

*Diyos ko! Iligtas po Ninyo mula sa malubhang kalagayan si Zander,* piping dasal niya.

Nang makahuma ay dali-dali siyang nagpunta sa kuwarto at kinuha ang kanyang bag saka siya lumabas ng bahay. Hindi na siya nag-abalang ayusin muna ang sarili. Ang tanging nasa isip niya ngayon ay makita ang kalagayan ni Zander.

Hindi muna niya pinagkaabalahang usigin ang sarili kung bakit ganoon na lang ang paghahangad niyang makita ito. Sa mata ng Diyos at sa mata ng tao ay asawa pa rin niya ang lalaki.

Nang makalabas ng bahay ay kaagad niyang pinara ang unang taxi na dumaan.

Habang binabaybay ng taxi ang kahabaan ng Aurora Boulevard ay tahimik na nakatanaw sa labas ng bintana ng sasakyan si Ella. Alas siete na noon ng gabi kaya kalat na ang dilim sa paligid.

Nasapo niya ang noo. Hindi niya maiwasang hindi magbalik-tanaw sa naging simula ng napakaikling pagsasama nila ni Zander Montalvo.

Matatawag na isang whirlwind romance ang nangyari sa pagitan nila noon.

They met when she was still so young and inexperienced in life. She was easily impressed by Zander's older and stronger personality.

Nagsimula ang lahat nang makilala niya si Shara Montalvo. Naging kaklase niya ang babae sa isang subject noong huling taon niya sa kolehiyo. Mabait ito kaya naging matalik niya itong kaibigan. Simple lamang kumilos at manamit si Shara. Huli na nang malaman niyang malaki pala ang agwat ng kanilang pamumuhay. Mayaman at kilala sa lipunan ang pamilyang pinagmulan nito.

Madalas ikuwento sa kanya ni Shara ang tungkol sa nakatatandang kapatid nito. Kaya kahit hindi pa man nakikita nang personal ay parang kilala na nang husto ni Ella ang pagkatao ng lalaki.

Ayon sa kaibigan ay napakaresponsable at ulirang kapatid daw ng Kuya Zander nito. Beinte-ocho años pa lamang ito noon at siyang humahawak sa mga negosyo ng pamilya. Ito raw ang tumayong padre de pamilya simula nang mamatay sa sakit sa puso ang ama ng mga ito.

Isa lang ang hindi niya nagustuhan sa mga deskripsyon ni Shara sa kapatid nito: babaero umano ang binata.

Dahil doon, nasira ang magandang impression niya rito at hindi ninais ni Ella na makilala si Zander. Galit siya sa mga lalaking babaero. Ngunit tila sinubukan siya ng pagkakataon. Nagtagpo at nagkakilala sila ng kapatid ni Shara.

At hindi niya inaasahan ang magiging epekto sa kanya ng malakas na personalidad ng binata nang makilala niya ito nang personal.

Ipinakilala siya ni Shara sa nakatatandang kapatid nito noong araw ng kanilang pagtatapos sa kolehiyo.

When her eyes met Zander's for the first time, it seemed as if thunderbolts had hit her. She fell in love with him at first sight.

He was so attractive, so amusing and so

downright sexy.

Nagpakita kaagad ito ng kakaibang interes sa kanya. At na-flatter siya nang husto sa ipinakita nitong atensyon sa kanya.

Man of the world. Iyon ang tingin niya rito. He was very mature at kaibang-kaiba sa mga lalaking nakilala na niya.

Zander was almost seven years older than she was; he was aeons older in experience. And while common sense warned her to be careful, her leaping senses left her only a little room for compromise.

Noong mga panahong iyon ay para siyang idinuduyan sa alapaap sa tuwing maiisip niya na ang isang kagaya ni Zander Montalvo ay nagkainteres sa kanya.

He pursued her shamelessly after her graduation from college. And she gave in easily because she was so attracted to him.

In many ways, he had been her opposite—he was fierce and unyielding where she was sensitive and easily hurt. She was like the proverbial moth pulled by a brilliant fire, uncaring if her wings were burned.

They barely knew each other for two months

when they both decided to get married. Iyon ay sa kabila ng pagtutol ng mga magulang nila.

Hindi gusto ng kanyang ama si Zander para mapangasawa niya. Ang binatang anak ng isang matalik na kaibigan nito ang napupusuan nitong makatuluyan niya. Matagal nang inirereto sa kanya ng papa niya si Jay de Silva. Pero pagtinging kaibigan lang ang maibibigay niya sa lalaki. At isa pa, hindi naman nanliligaw sa kanya si Jay.

Tutol din ang ina ni Zander na makasal siya sa anak nito. Tinapat siya ng matandang babae nang minsang kausapin siya nito nang lihim. Sinabi nito na hindi siya nababagay na maging asawa ng panganay nitong anak. Langit at lupa raw ang agwat ng kanilang pamumuhay.

Nasaktan siya at nainsulto dahil totoo ang mga iyon. Mayaman ang pamilya Montalvo. Nagmamay-ari ang mga ito ng isang malaking steel company sa Pilipinas, bukod sa iba pang negosyo. Samantalang siya ay nanggaling lang sa isang karaniwang pamilya.

Ang kanyang amang si Julio de Mesa ay karaniwang empleyado lamang ng gobyerno. Naninirahan lamang silang mag-aama sa isang maliit na bungalow sa isang maliit na subdivision sa Pasig City. Ulila na siya sa ina.

Inilihim niya ang pag-uusap nilang iyon ni Mrs. Rosemarie Montalvo sa nobyo.

Pinayuhan din siya ng kanyang kapatid na si Krystal at ng kaibigang si Carol na huwag magpadalus-dalos sa pagpapakasal kay Zander. Pinagsabihan siya ng mga nito na kilalanin muna nang husto ang lalaki bago magpatali rito.

Ngunit hindi siya nakinig sa mga payo ng mga ito. Dala na marahil ng kapusukan at ng malaking pag-ibig sa nobyo kaya hindi siya napigil na magpakasal sa binata.

Isang tao lang ang alam niyang natuwa nang magkatuluyan sila ni Zander. Iyon ay si Shara.

Ginugol nilang mag-asawa ang kanilang honeymoon sa bahay-bakasyunan ng mga Montalvo sa isang bayan sa Tarlac. Naging napakasaya ni Ella sa mga araw na magkasama sila ni Zander. Inakala niyang wala nang katapusan ang kaligayahang iyon.

Ngunit sabi nga sa awitin, 'some good things never last.'

Hindi man siya tuwirang tumutol, ngunit nadismaya siya nang imungkahi ni Zander na pansamantala muna silang manirahan sa malaking bahay ng mga ito sa Alabang habang pinaplano pa

nila ang pagpapatayo ng sariling bahay.

Si Shara naman noong mga panahong iyon ay nagtungo na ng England upang magpakadalubhasa sa karerang napili nito. Nag-iisa na lamang daw ang mama nito sa malaking bahay at tanging mga kawaksi ang makakasama nito kung hindi pa sila pipisan doon.

Pumayag siya sa suhestyon ng asawa. Isang malaking pagkakamali pala iyon. Naging kalbaryo sa kanya ang pagtira sa malaking bahay.

Madalas na wala sa bahay si Zander dahil abala ito sa pag-aasikaso sa negosyo. Palagi itong nasa labas ng bansa, dumadalo sa iba't ibang business conference. At kapag wala ang lalaki, hindi itinatago ni Mrs. Montalvo ang disgusto sa kanya. Parang hindi siya asawa ng anak nito kung tratuhin siya ng biyenan. Umaakto itong parang wala siya sa paligid kapag nagpaparinig ito ng masasakit na salita laban sa kanya. De-numero ang bawat kilos niya at madalas niyang mahuli na nakasunod ang matatalim na mata nito sa bawat gawin niya. Kunwari ay magiliw ito sa kanya kapag naroon si Zander.

Sa bahay na iyon sa Alabang ay nawalan siya ng kalayaan na gampanan ang mga tungkulin niya bilang asawa ni Zander sa tunay na kahulugan niyon.

Sa tuwina ay naroon si Rosemarie at ang mga kawaksi upang pagsilbihan ang lalaki. At dahil abala nga sa negosyo ang asawa ay naging kaunti ang panahon nila sa isa't isa. Kapag nasa bahay ito ay wala naman silang gaanong privacy. Madalas magdaos ng dinner party roon ang kanyang biyenan. Kapag may mga araw na libre si Zander at nasa bahay lamang ito ay nag-iimbita ang matandang babae ng mga kaibigan ng pamilya.

Isa sa mga paboritong imbitahan nito ay ang dating kasintahan ng anak na si Deborah Galvez. Si Deborah ay anak ng isang kasosyo ng pamilya Montalvo sa negosyo. Childhood sweetheart ni Zander ang babae at naging magnobyo ang mga ito nang kung ilang taon. At ayon kay Shara, si Deborah lang daw ang babaeng ginusto ng mama nito na makatuluyan ng kapatid.

Nginangatngat ng pagseselos si Ella kapag nakikita niyang malambing na nakikipag-usap si Deborah sa asawa niya. Naobserbahan niyang very familiar sa isa't isa ang dalawa. Ngunit hindi niya ipinahahalata ang nararamdaman lalo na sa biyenan niya. Alam niyang pakana iyon ni Mrs. Montalvo at sinasadya talaga nitong imbitahan ang babae kapag naroon si Zander.

Kapag nagkakaroon sila ng pagkakataong makapag-usap ng kabiyak ay binabanggit niya na gusto na niyang bumukod sila. Nauuwi lang iyon madalas sa pagtatalo. Hindi pa raw napapanahon na bumukod sila, ayon sa asawa. Ang munting pagtatalo nilang iyon ang naging simula ng hindi nila pagkakaunawaan.

Hanggang sa lumaon ay nagtatalo na rin sila tungkol sa ilang maliliit na bagay. Madalas na isumbat ni Zander sa kanya ang madalas na pag-alis niya ng bahay. Hindi man nito sabihin ay alam niyang ang ina nito ang nagsusumbong tungkol sa pag-alis-alis niya. Ipinaliwanag niya sa asawa na kailangan lang niyang gawin iyon dahil sa kanyang propesyon bilang manunulat. Kailangan niyang umalis ng bahay para gawin ang kanyang mga research.

Sa tuwina ay nauuwi ang kanilang mainit na pagtatalo sa maalab na pagtatalik. Sa pagniniig nila ipinaparamdam ni Ella ang pagmamahal at pananabik niya sa asawa. Sa loob lamang ng kanilang silid ay nagkakaroon sila ng pagkakataong makapagsolo. Doon ay nawawala ang pag-aalinlangan at pangamba niya sa totoong damdamin sa kanya ni Zander. Ipinapadama sa kanya ng lalaki ang walang kahulilip na kaligayahan. Sa mga ganoong pagkakataon ay naiisip niyang anuman ang mangyari ay ipaglalaban

niya ang pagmamahal niya para rito. Sampu mang magtiis siya sa piling ng kanyang biyenan.

Ngunit nagkaroon ng hangganan ang pagtitiis na iyon. At si Zander na mismo ang gumawa ng paraan para tuluyan na siyang umalis ng bahay na iyon. Lahat ay kayang niyang tiisin, ngunit hindi ang masakit na katotohanan ng pambababae nito. Harap-harapan pa ang ginawa nitong pangangaliwa. Nakita ng dalawang mata niya ang panloloko nito. At sa mismong kuwarto nila!

Isang gabi iyon na umuwi siya mula sa Baguio. Kinailangan niyang magtungo roon dahil ang lugar na iyon ang gagawin niyang setting sa bagong nobelang ginagawa niya. Gabi na siya nakabalik ng Alabang. Sinadya niyang magpagabi ng uwi dahil alam niya na nagdaos na naman ng dinner party ang kanyang biyenan para sa kaarawan ni Deborah.

Sa likod-bahay siya dumaan dahil nang mga oras na iyon ay kasalukuyang ginaganap ang party sa malaking bakuran sa harapan ng bahay. Paraan niya iyon upang maiwasan ang mga bisitang inimbitahan ng kanyang biyenan at ni Deborah.

Dumerecho siya sa silid nilang mag-asawa. Limang minuto pa lamang siyang naroon nang bumukas ang pinto ng kuwarto.

Si Zander ang iniluwa ng pinto. Nagulat siya dahil hindi niya inaasahang makita ang asawa. Ang pagkakaalam niya ay nasa ibang bansa pa ito.

Tumayo siya sa kama upang gawaran ito ng halik.

Nagtaka siya nang hindi ito gumanti ng halik sa kanya. Hindi nito iyon dating ginagawa. Ang asawa ang unang humahalik at yumayakap sa kanya.

*"Kailan ka dumating?" tanong ni Ella.*

*"Kaninang umaga pa," sagot nito habang mataman siyang tinitingnan. "Where have you been?" nakakunot-noong tanong nito. Hawak nito sa kanang kamay ang isang kopitang may lamang alak. Namumula ang mukha ng lalaki. Naisip ni Ella na marahil ay marami na ang nainom nito.*

*"Nagpaalam ako sa iyo bago ka umalis na aakyat ako ng Baguio, hindi ba?" paalala niya.*

*"Dalawang araw lang ang sinabi mong itatagal mo doon," turan nito na salubong ang mga kilay. "Maglilimang araw ka na doon. Bakit ngayon ka lang umuwi?"*

*Humugot siya ng malalim na paghinga bago sumagot. Hindi niya gusto ang tono ng pagtatanong ng asawa. At kahit hindi niya tanungin ay alam na niya*

*kung kanino nito nalaman ang impormasyon tungkol sa tagal ng kanyang pananatili sa Baguio.*

*"Hindi natapos ng dalawang araw ang mga research na ginagawa ko doon kaya kinailangan ko pang manatili nang tatlong araw," nakakaramdam na ng inis na katuwiran niya.*

*"Hindi ko gusto ang ginagawa mong malimit na pag-alis ng bahay, Ella."*

*"Sinabi ko na sa iyo na kailangan kong gawin ito."*

*"Mama told me that...." Hindi nito naituloy ang gustong sabihin.*

*Galit na tumingala rito si Ella. "Ano na naman ang sinabi sa iyo ng mama mo, Zander?"*

*Napabuntong-hininga ang lalaki bago nagsalita.*

*"Madalas ka raw umuwi sa bahay ninyo pag wala ako."*

*Sandaling nablangko ang expression niya. "Wala akong nakikitang masama kung sakali mang dumalaw ako sa bahay namin. Pamilya ko ang dinadalaw ko doon." Nagsisimula na talaga siyang mapikon.*

*"Pamilya mo lang kaya ang pinupuntahan mo doon?" usisa ni Zander, puno ng pagdududa ang tono*

*nito.*

*Tuluyan nang nagpanting ang mga tainga ni Ella. "Ano ang ibig mong sabihin?" galit na tanong niya.*

*"Alam kong madalas na bisita ng papa mo si Jay de Silva."*

*"What about him?" walang-emosyon na tugon niya. "Kaibigan ng pamilya namin ang pamilya ni Jay. Wala siyang kinalaman kung madalas man akong umuwi sa bahay."*

*"But that man is crazy about you!" Lumakas ang boses ng asawa. "At alam kong siya ang gusto ng Papa para sa iyo."*

*"I only thought of him as an older brother," giit niya. Ngayon lamang niya nalaman na pinagdududahan pala ni Zander ang relasyon niya kay Jay. Halos kasabay na niyang lumaki ang binata. Madalas itong panauhin sa bahay nila. Parang anak na rin kung ituring ito ng kanyang ama, palibhasa ay walang anak na lalaki ang matanda. At totoong inirereto siya nito sa binata.*

*Dalawang beses pa lang nagkatagpo sina Jay at Zander. Una ay noong araw ng kanilang kasal at pangalawa ay nang minsang dumalo sila sa kaarawan ng kanyang papa.*

*"You must never be alone with him again," marahas na hayag ni Zander.*

*Nagprotesta siya, "How can I avoid him? He's always welcome at my father's house. They're old friends."*

*"Then you must stay away from your father's house."*

*Napamulagat siya. Hindi makapaniwalang tumitig siya sa asawa.*

*"Paano mo nasasabi sa akin ang ganyan? Pinagbabawalan mo akong dumalaw sa pamilya ko?"*

*"I'm sorry if you find this difficult, but your father and your sister are welcome to visit you here."*

*Her eyes flashed angrily. "How can that be?"*

*"Ano ang ibig mong sabihin?" Lalong nagsalubong ang mga kilay nito.*

*"Nakatira tayo dito kasama ang ina mo, but I've never felt welcomed here. She made it plain that I'm an intruder. Why do you think I go so often to see my family?"*

*Napapagal na naisuklay ni Zander ang isang kamay sa buhok. "Tigilan na natin ang pagtatalong*

*ito," anito.*

*"Bakit? Dahil ayaw mong marinig ang hindi magandang trato sa akin ng nanay mo?"*

*"Nakikita ko ang magandang pagtrato ni Mama sa iyo kapag nandito ako," kontra nito.*

*"But she's different kapag wala ka," mariing sabi ni Ella. "Mabait lang siya kunwari sa akin kapag nakaharap kayo ni Shara."*

*Tila hindi iyon narinig ni Zander o marahil ay nagbibingi-bingihan lang ito. Humakbang ito palapit sa pinto. "Sumunod ka na lang sa ibaba. Marami nang bisita ang nagtatanong tungkol sa iyo."*

*"Hindi ko sila bisita, bisita sila ng mama mo at ni Deborah," tutol niya.*

*Matagal itong tumitig sa kanya. "Sundin mo lang ang gusto ko, Ella, para hindi tayo nagtatalo. Pupunta ka lang sa bahay ng papa mo kapag kasama mo ako."*

*"How dare you to say that!" galit niyang angil. Tumaas na rin ang boses niya.*

*Nasa gitna pa siya ng panunumbat kay Zander nang talikuran siya nito. Naging ugali na nito iyon. Tumatalikod ito tuwing nagtatalo sila at nababanggit niya ang hindi magandang pagtrato ng ina nito sa*

*kanya.*

Ngunit kaiba ang pagtatalo nilang ito. Sangkot na ang pamilya niya. Pinagbabawalan siya nitong dalawin ang kanyang ama at kapatid. At hinding-hindi niya mapapayagan iyon.

Ella took off her wedding ring and threw it at his retreating back. Nang gabing iyon ay nag-alsa-balutan siya. Sinamantala niya ang pagbalik ni Zander sa kasayahang nagaganap sa ibaba ng bahay. Mabilis niyang pinuno ng damit ang isang maleta. Nang masigurong dala na niya ang ilang importanteng personal na bagay ay umalis siya ng malaking bahay. Muli ay dumaan siya sa likuran. Iniwasan niyang may makakita sa kanya.

Galit na galit siya kay Zander. Gusto na niyang makipaghiwalay rito.

She fled to her father's house. Masinsinan siyang pinangaralan ni Mr. de Mesa. Sinabi nitong mag-isip muna siyang mabuti bago siya magdesisyon kung talagang makikipaghiwalay na siya sa kanyang asawa at kailangan nilang dalawa na mag-usap na mabuti.

During the long night she had been visited by contradictory impulses, swinging between love and hatred, until in the first light of dawn she decided to

return to the Montalvo's house to make peace with her husband.

Tahimik pa ang buong kabahayan nang makabalik si Ella. Isang kawaksi ang nagbukas ng pinto para sa kanya. Tuluy-tuloy siyang umakyat ng kanilang silid. Walang anumang binuksan niya ang pinto ng silid nila ni Zander.

Impit siyang sumigaw at namanhid ang kanyang buong katawan nang bumulaga sa kanya ang tagpo sa loob; sina Zander at Deborah, kapwa nakahubad at magkatabi sa mismong kama nila.

The image of what she found had haunted her for months.

*"Mga walanghiya kayo! Mga walanghiya kayo!" malakas na sigaw niya na nagpagising sa buong kabahayan. Nakita niyang bumalikwas ng bangon mula sa kama ang naalimpungatang si Zander. Kaagad nitong ibinalot ang kumot sa hubad na katawan. Tila gulat din itong napatitig sa kanya. Nagpalipat-lipat ang tingin nito sa kanya at sa nakahiga pang si Deborah.*

*Lumuluhang napatitig na lamang siya sa asawa. Wala nang salitang namutawi pa sa kanyang mga labi. Puno ng poot ang kanyang mga mata.*

*"Ella, magpapaliwanag ako," anito nang makabawi*

*ito sa kabiglaan.*

*Napailing siya pagkuwan ay mabilis na tumalikod.*

Umaagos ang luhang lumabas siya ng malaking bahay. Hindi na niya alam ang sumunod na mga nangyari. Namalayan na lamang niyang nakabalik na siya sa bahay ng kanyang ama. Humahagulhol na ikinuwento niya rito ang nasaksihan niya.

Naglalatang ang galit sa mukha ni Mr. de Mesa matapos marinig ang mga isinalaysay niya.

Maghapon siyang nagkulong sa kuwarto. Wala siyang ginawa kundi umiyak. Paulit-ulit niyang minura sa isip si Zander pati na si Deborah.

Kinagabihan nang araw na iyon ay narinig niyang dumating si Zander sa kanilang bahay. Hindi siya lumabas ng silid para harapin ito. Natatakot siyang baka kung ano ang magawa niya kapag nakaharap ito.

Narinig niyang ipinagtabuyan ng ama ang kanyang asawa. Katulong pa nito sa pagtataboy si Jay na noon ay eksaktong nasa kanilang bahay. Malinaw niyang naulinigan ang sinabi ni Zander na babalikan siya nito.

Nang sumunod na araw ay napilitan ang kanyang

ama na ipadala siya sa isang kamag-anak nito na nakatira sa malayong probinsya ng Bohol.

Alam ni Ella na ginawa lamang nito iyon dahil gusto nitong protektahan siya. Nakita nito kung gaano siya masyadong nasaktan ni Zander. Pumayag siya dahil magulung-magulo ang isip niya nang mga panahong iyon. Muhing-muhi siya sa asawa. Wala siyang ibang hangad kundi ang lumayo, huwag nang makita pa ang lalaki at tuluyan nang kalimutan ito.

Sa paglipas ng mga araw ay natuyo ang luha niya. Kahit gusto pa niyang umiyak ay wala na siyang mailuha. Ngunit puno ng pagkamuhi ang kanyang dibdib.

She was aware that there had been women before her, but she innocently believed that her husband's womanizing days were over.

Nang makasal sila ni Zander ay nangako ng katapatan at pagmamahal ang lalaki at pinaniwalaan niya iyon!

She would never forget it. It was like a knife sliding into her stomach and she felt it even now.

# 3

Naputol ang daloy ng gunita ni Ella nang tumigil sa tapat ng ospital ang taxi na sinasakyan niya. Dali-dali siyang nagbayad at saka nagmamadaling umibis.

Malalaki ang hakbang niya habang binabaybay ang corridor patungo sa pribadong silid na kinaroroonan ni Zander. Parang tinatambol ang kanyang dibdib sa lakas ng pintig ng puso niya.

Nang marating niya ang pinto na may numerong tumutugma sa ibinigay sa kanya ni Shara ay marahan niyang itinulak iyon.

Tumambad sa kanya ang waiting room. Naroon at magkatabing nakaupo sa couch ang mag-inang Rosemarie at Shara.

Nang mag-angat ng tingin ang hipag at makita siyang nakatayo sa pintuan ay kagyat na tumayo ito upang salubungin siya.

Napapaiyak na nayakap siya nito. Tatlong taon din silang hindi nagkita.

"Ella! How I missed you…" bulong ng babae.

"I missed you, too, Shara," napapaluhang sagot

niya.

Nang maglayo ang kanilang mga katawan ay napasulyap siya kay Rosemarie na tahimik lang na nakamasid sa kanila.

Lumapit siya rito upang gawaran ito ng halik sa pisngi. Alanganing ngumiti ito sa kanya bilang pagbati.

"Salamat, Ella, at pinagbigyan mo si Shara para pumunta dito," mababa ang tonong sabi ng ginang.

Muntik nang tumaas ang kilay ni Ella nang mapansin ang tila pagbabago ng trato sa kanya ng biyenan. Dahil kaya kaharap nila si Shara?

Mrs. Montalvo looked older than the last time Ella saw her. Pumayat ito, humapis ang mga pisngi. But her mother-in-law was still as formidable as ever. Naroon pa rin ang aristokratang anyo nito.

Naramdaman niyang hinawakan ni Shara ang isang kamay niya. Hinila siya nito palapit sa connecting door.

"Will you come and see Kuya Zander now?" tanong nito.

"Is he conscious?" Bumalik ang malakas na pagkabog ng kanyang dibdib sa isiping makikita na

niya ang kalagayan ni Zander.

"Gising na siya at hinihintay ka. I told him a few moments ago that you were on your way and he was so relieved."

"Gusto ko na siyang makita," aniya.

Napansin niyang atubili ito na buksan ang pinto ng connecting room.

"Mahinang-mahina pa si Kuya Zander, Ella. You will see what I mean. He is too weak to say much. And..." Naghintay siya sa iba pa nitong sasabihin. "Gusto ko lang ipaalala na nawala ang memorya ni Kuya Zander. Ang alam niya ay nagsasama pa kayo bilang mag-asawa." Humigpit ang pagkakahawak nito sa kamay niya. "Please pretend you're still together just for a few moments," pakiusap nito sa napakahinang boses.

Napayuko siya. "Oh, God!" marahas na bulong niya. "You asked a good deal, Shara."

Kahit nakayuko ay naramdaman ni Ella ang ginawang paglapit ni Mrs. Montalvo sa kinatatayuan nila.

"Mabibigla si Zander kapag sinabi natin sa kanya ang totoo," anito. "Masyado pa siyang mahina ngayon.

Makakasama sa kalagayan niya ang malaman ang totoo. Do you want his death on your conscience?"

Nawalan ng kulay ang mukha niya dahil sa sinabing iyon ng ginang. Gusto sana niyang sabihin dito na hindi niya kasalanan kung nasa ganitong kalagayan man ngayon si Zander. Pero hindi niya itinuloy iyon nang makitang nangingilid ang luha sa mga mata ng kanyang biyenan.

"Please, Ella?" muling pakiusap sa kanya ni Shara. "Pretend for a few moments."

Ilang segundo siyang nag-isip habang dalawang pares ng mga mata ang nakatingin sa kanya. Mayamaya ay tumango siya. "Okay, Shara, magpapanggap ako sa harap ni Zander," pagsang-ayon niya.

Nakita niyang nakahinga nang maluwag ang mag-ina.

"Salamat, Ella." Hinawakan ni Mrs.Montalvo ang mga kamay niya.

Binuksan ni Shara ang pinto ng connecting room.

Nauna siyang pumasok sa loob ng silid na kinaroroonan ni Zander. Kasunod niya ang hipag. Nagpaiwan sa waiting room ang matanda.

Unang nakakuha ng atensyon ni Ella ang naka-

bandage na ulo ng lalaking nakahiga sa kama. Sa sulok ng mga mata ay nakita niyang mukha lang nito ang hindi natatakpan ng bandage. Sinadya niyang iwasan na tumingin nang derecho sa mukha nito. Alam niyang nakamulat ang mga mata nito ngayon at pinagmamasdan ang ginagawa niyang paglapit.

Bukod sa suwero ng dextrose ay may ilan pang tubo na nakakabit sa katawan nito. Ang puting kumot na tumatabing sa katawan nito ay bahagyang nakaangat sa bandang paanan. Naka-plaster ang isang kamay at isang paa nito.

"Ella…" bulong ng lalaki sa hirap na pagsasalita nang ganap na siyang makalapit sa kama nito.

"Zander…" Bahagyang nanginig ang tinig niya. Hindi niya naiwasang pagmasdan ang mukha nito. Malamlam ang mga mata nito, namumutla pa ang anyo. Lihim siyang nagpasalamat nang makitang may ilang galos lang ito ngunit wala naman itong malalim ang sugat.

Hinawakan ng isang mainit na kamay nito sa kanang palad niya. "You're shaking," pansin nito.

"Kumusta na ang pakiramdam mo?"

"Sumasakit ang ulo ko at ang buong katawan ko. Pero bale-wala ngayon ang mga nararamdaman

kong sakit ngayong nakita na kita."

Nagsimulang mangilid ang luha ni Ella dahil sa sinabi nito.

"Huwag ka munang masyado magsalita, baka makasama pa sa kalagayan mo."

"I was afraid you were dead and that they were hiding it from me," marahang sabi nito.

"I was away," pagsisinungaling niya. Nakagat niya ang pang-ibabang labi. "I came back as soon as I heard the news about your accident."

Pinakatitigan ni Zander ang mukha niya. "You must be frightened."

"Yes…" Tumango siya.

"Hindi ako pumayag na mamatay," saad nito. "Nang magising ako at nalaman kong wala ka sa tabi ko, nag-alala akong baka kasama kita sa kotse. I did wonder if I could bear to live without you, but now that you're here, I'm relieved. I intend to leave this place."

"Magpahinga ka muna para manumbalik agad ang lakas mo," masuyong saway niya.

Nang lingunin niya si Shara ay nakita niyang

nangingilid din ang luha sa mga mata nito habang nakamata sa kanila.

“Hindi mo ba ako hahagkan?” tanong ni Zander. “Napansin kong hindi mo ginawa iyon kanina nang pumasok ka.” May himig pagtatampo ang tono nito.

Sapat ang sinabi nito para mamula ang mga pisngi ni Ella. Yumuko siya upang gawaran ito ng halik sa labi.

Her lips touched his very lightly. Nang tangkain niyang tumayo nang tuwid ay pinigilan siya ng isang walang bandage na kamay ng asawa. Marahan nitong pinaglandas ang mga daliri sa kanyang mukha. Matagal siya nitong tinitigan.

“Ipangako mo na narito ka pa rin pag nagising ako uli.”

Wala siyang nagawa kundi tumango. Mayamaya lamang ay pumikit na ang lalaki. Unti-unti nitong ibinaba ang kamay na humahaplos sa mukha niya. Ilang minuto muna niyang pinagmasdan ang nakapikit na pasyente.

“Madalas na mangyari ngayon ang ganyan. Basta na lang siya bumabalik sa pagtulog,” imporma ni Shara. Sinulyapan siya nito. “But this time I think he will sleep properly now that he knows you are safe.

Thank you for coming, Ella."

"Don't thank me, for God's sake, Shara!" nanginginig ang boses na bulong niya. "Alam mo kung gaano kahirap sa akin ang sitwasyong ito." Naitutop niya ang isang kamay sa bibig upang mapigilan ang pagbunghalit ng iyak.

Isang huling sulyap ang ibinigay niya sa natutulog na lalaki bago siya tumalikod. Pinigilan siya ni Shara sa braso nang akmang lalabas na siya ng silid.

"I need to talk to you, Ella," anito.

"Nagawa ko na ang gusto mong gawin ko, Shara. Wala na siguro tayong dapat na pag-usapan pa." Binawi niya ang braso mula sa pagkakahawak nito at tuluy-tuloy na siyang lumabas. "Mauuna na ako sa inyo," simpleng paalam niya kay Mrs. Montalvo.

Mabigat ang dibdib na nilisan ni Ella ang ospital. Nang sumakay siya ng taxi ay hindi niya napansing kasunod niya si Shara na lumabas din ng gusaling iyon. Sumakay rin ito sa sasakyan at sinundan siya.

---

Nagulat pa si Ella nang mapagbuksan niya ng pinto si Shara. Wala pang limang minuto siyang nakakauwi ng bahay nang may nag-doorbell. Wala

siyang nagawa kundi ang papasukin sa loob ng bahay ang babae.

"Please have a seat, Shara." Iminuwestra niya ang sofa.

Tahimik namang umupo ang panauhin. Hindi nakaligtas sa pansin niya nang ilibot ng kaibigan ang paningin sa buong kabahayan. Simple lamang ang loob ng tinitirhan niya, but it was tastefully at artfully done. Isang maliit na bungalow iyon na binili niya nang mura sa dating nagmamay-ari. Ipina-renovate niya at siya na mismo ang nagdisenyo sa loob.

"Ano ang gusto mong inumin?" tanong niya.

"Coffee would be fine," nakangiting sagot nito.

Tumungo siya ng kusina upang gumawa ng kape.

Pagbalik niya sa sala ay tangan na niya sa kamay ang isang tray na naglalaman ng dalawang tasa ng kape. Ibinigay niya ang isang puswelo kay Shara pagkatapos ay umupo siya sa tapat ng inuupuan nito.

"Thank you," anito. "Nasa England ako nang mabalitaan ko ang pagkamatay ng Tito Julio, Ella."

Lumambong ang di-pangkaraniwang lungkot sa mga mata ni Ella nang mabanggit ng babae ang kanyang ama.

"Biglaan ang pagkamatay ng Papa n'ong isang taon. Fatal stroke ang ikinamatay niya."

"I'm sorry…" Tumango lamang siya. "Si Kuya Zander ang nagbalita sa akin na wala na ang papa mo. Nabanggit din niyang nagpunta siya sa lamay pero hindi kayo nagkita at nagkausap."

"Nasa silid ako at nagpapahinga nang dumating siya. Hindi na ako ginising ni Krystal." Nagpasalamat siya noon sa ginawa ng kapatid. Noong mga panahong iyon ay hindi pa siya handa na makita ang lalaki. "Nakapag-asawa ka na pala," pag-iiba niya ng usapan.

Ngumiti si Shara at lumiwanag ang mukha. Naisip ni Ella na bagaman nakapag-asawa na ito ay mukha pa rin itong dalaga. Napakaganda pa rin nito, tila isang modelo ang kaanyuan—matangkad, makinis at pino ang balat..

"David Brennan ang pangalan ng napangasawa ko kaya Mrs. Brennan na ako ngayon. Isa siyang solicitor sa London."

"Hindi mo siya kasama?"

"Abala siya ngayon sa trabaho. Baka makasama ko na siya sa susunod na pagpunta ko dito. What are you doing now?" Ibinalik nito ang usapan tungkol sa kanya.

"I'm a full-time writer now."

"I'm sure successful ka na sa pagsusulat mo ngayon."

Nagkibit-balikat lang siya. Ayaw niyang ipagmayabang na kilala na sa buong Pilipinas ang pen name na ginagamit niya sa pagsusulat.

Marami pa silang napag-usapan tungkol sa naging mga buhay nila sa nakalipas na tatlong taon.

Namalayan nila na ubos na pala ang kapeng iniinom nila. Tumingin si Shara sa wristwatch nito.

"Kailangan ko nang bumalik sa ospital para makauwi na si Mama sa bahay. Nagsasalitan kami sa pagbabantay kay Kuya," paliwanag nito na binitbit na ang handbag.

Mahabang katahimikan ang namagitan sa kanila. Hinihintay niyang magpaalam na ito.

"Kailan ka babalik sa ospital para dalawin muli si Kuya?" tanong nito kapagkuwan.

Humugot lang siya ng malalim na paghinga pero hindi siya sumagot.

"Kailangan ka ni Kuya Zander ngayon, Ella."

Naihaplos niya ang dalawang palad sa buhok.

"Shara, your brother treated me so badly before. Can you imagine what it's like for me?"

"Maaari mo bang pansamantalang kalimutan muna ang nangyari sa inyo sa nakaraan?" apila ng sister-in-law. "Kuya Zander needs you now more than ever."

"Naroon naman kayo ng mama mo para tumingin at mag-alaga sa kanya."

"He had been unconscious most of the time but when he is awake, he asks for you all the time. Please stay with him for a while, habang hindi pa bumabalik ang memorya niya."

Umiling si Ella. "I can't, Shara," nahihirapan ang loob na tanggi niya.

"It would kill him kapag hindi ka niya nakita muli." Nagsimulang gumagaralgal ang boses ng babae. "You heard what he said earlier; without you, he would not want to live," patuloy nito.

"Zander is stronger than that," sabi niya na parang sarili lamang ang kinukumbinsi.

"He is very weak now, very frail, hanging on to life by a thread, and we refuse to cut that thread by telling him something he does not want to hear."

Kumunot ang noo ni Ella. "Hindi niya gustong marinig? Ano ang ibig mong sabihin?"

"Nakausap ko kahapon ang psychiatrist na tumingin sa kanya. Ayon sa doctor, Kuya Zander did not merely lose his memory. He was refusing to remember."

Parang wala sa sariling napatayo siya mula sa inuupuang sofa. "Pero hindi pa rin ako puwedeng manatili kahit pansamantala sa piling niya," mahinang sabi niya.

"Please, Ella," naluluhang pakiusap ng hipag.

"Aware ba siya na nawawala ang ilang taon sa memorya niya?"

Tumango si Shara. "Hindi niya maalala kung paano siya naaksidente at ipinaliwanag sa kanya ng doktor kung bakit. Pero lihim na sinabi sa amin ng mga doktor na hanggang doon lang daw muna ang puwede niyang malaman. Hindi namin puwedeng sabihin sa kanya ang mga bagay na ayaw niyang marinig. Kasama na doon ang paghihiwalay ninyo."

Naguguluhang tumingin siya rito. "Hanggang kailan ako magpapanggap?"

"Kapag magaling na magaling na siya."

Hindi makaapuhap ng sasabihin si Ella. Nagtatalo ang isip at puso niya. Ayaw na sana niyang makipagkita pa muli kay Zander. Sapat na ang malaman niyang nakaligtas ito sa kapahamakan. Masyado pang masakit para sa kanya ang alaala ng nakaraan.

Pero hindi naman niya kakayanin kapag may nangyaring hindi maganda sa asawa kapag hindi siya nagpakita rito. Hindi iyon kakayanin ng puso at konsyensya niya. Matapos ang ilang saglit na pag-iisip ay tumango siya. “Okay, I will do it.”

Naluluhang napangiti si Shara. “Maaari mong kausapin ang neurologist at psychiatrist na tumitingin kay Kuya para mas maintindihan mo ang tungkol sa kalagayan niya,” suhestyon nito.

Tumango lang siya. Mayamaya ay nagpaalam na sa kanya ang babae. Naiwan siyang mag-isa na nahuhulog pa rin sa malalim na pag-iisip.

Si Zander ang unang pag-ibig niya. Dahil sa mga pangyayari sa nakaraan at sa matagal na hindi nila pagkikita nito ay inakala niyang nabura na sa puso niya ang lalaki.

Ngunit sa muli nilang pagkikita ay hindi niya inaasahang ganito pa rin ang mararamdaman niya para rito. Ang buong akala niya ay kinamumuhian pa

rin niya ito nang labis. Akala niya ay naroon pa rin ang matinding poot na naramdaman niya para rito.

Nang makita niya itong nakaratay at malubha ay mistulang may isang mabigat na kamay na pumiga sa kanyang puso.

Ayaw muna niyang tanungin sa sarili kung ano ang ibig sabihin noon.

# 4

Kinabukasan, maaga pa ay nagtungo muli si Ella sa ospital kung saan naka-confine si Zander.

Si Shara lamang ang naabutan niya na nagbabantay rito. Naroon ito sa waiting room ng suite. Umaliwalas ang mukha ng babae nang muli siyang makita. Nasa expression nito ang pasasalamat.

"Gusto mo bang makausap muna si Dr. Ramirez?"

"Dr. Ramirez?"

"Siya 'yung psychiatrist na nabanggit ko sa iyo kahapon na tumitingin kay Kuya Zander."

Tumango siya bilang pagsang-ayon dito.

Dinala siya nito sa opisina ng doktor. Matapos siyang pormal na ipakilala sa butihing manggagamot ay iniwan na sila ni Shara. Babalik daw muna ito sa silid ni Zander.

Mabait ang bukas ng mukha ng may-edad na doktor.

Umupo siya sa iminuwestra nitong upuan sa harap ng mesa nito.

"Mga ilang araw na naming inoobserbahan ang kalagayan ng mister mo, Mrs. Montalvo. Mula pa nang magising siya na hindi niya maalaala ang ilang pangyayari sa buhay niya. Nabura din sa isip niya kung paano siya naaksidente. Nakausap ko na rin si Dr. Mendoza, ang neurologist na sumuri sa kanya. Iisa ang naging findings namin ukol sa kalagayan ni Mr. Montalvo."

Sandaling tumigil ito, derechang tumitig sa kanya. "Nang maaksidente siya ay tumama ang ulo niya sa isang matigas na bagay. Nagkaroon siya ng concussion dahil doon. Kinailangan siyang operahan upang ma-relieve ang pressure sa brain niya. Ilang araw siyang nawalan ng malay. Nang magising siya ay hindi na niya maalala ang ilang bagay tungkol sa buhay niya."

Tumango si Ella. "Nabanggit na ho sa akin ng pamilya ni Zander ang bagay na iyan, Doctor. Kahapon ko lang nalaman na naaksidente siya." Napayuko siya. "Hiwalay na kami ni Zander, tatlong taon na kaming hindi nagsasama."

"He doesn't think so," anang doktor. "Nabanggit sa akin ng pamilya ni Zander na pangalan mo ang unang binanggit niya n'ong unang araw na magising siya.Tinatanong niya kung kasama ka niyang

naaksidente. Doon nagkaroon ng duda ang kanyang pamilya that something was wrong with his memory."

Nag-angat siya ng tingin dito. "Posible ho ba na ilang pangyayari lang sa buhay niya ang hindi niya maalala? Katulad na lang ho halimbawa ng paghihiwalay namin?" napapantastikuhang tanong niya.

Marahang tumango si Dr. Ramirez. "Nagkaroon si Zander ng tinatawag na retrograde amnesia. This is a common consequence of concussion," paliwanag nito.

Ngunit hindi pa rin iyon lubos na maunawaan ni Ella.

"Pero bakit hindi lahat ng tungkol sa buhay niya ay nakalimutan niya? Bakit ang mga taon lang ng paghihiwalay namin at ang gabi ng pagkakaaksidente niya ang nabura sa isip niya?"

"The mind is almost miraculous in its capacity to shut out painful memories for its own protection. The loss of his memory is his defense mechanism against unpleasant recollections," paliwanag nito.

"Nagagamot pa ho ba ang ganoong klase ng amnesia?"

"Amnesia resulting from concussion may gradually diminish. Maaaring bumalik ang kanyang memorya kapag naghilom na ang mga sugat at injury niya sa katawan."

"Maaari ko ho bang sabihin sa kanya na tatlong taon na kaming hindi nagsasama?"

Mabilis na umiling ang doktor. "Malubha pa ang kalagayan ni Zander. Makakasama sa kanya kung sasabihin mo ang totoo. The shock could be very harmful."

Nakagat ni Ella ang pang-ibabang labi. "He isn't going to die. I'm sure of it now. Zander is far too strong when I saw him yesterday."

Bumuntong-hininga nang malalim si Dr. Ramirez."Shock can kill a perfectly healthy human being, believe me, Mrs. Montalvo.  When a man is as badly injured as your husband, it's doubly dangerous," babala nito.

Napapikit siya. "Oh, God! I don't know how much more of this I can take," nangingipuspos na usal niya.

"Please stay with him and pretend until he is physically restored. His memory will soon return," payo nito.

Matapos makausap si Dr. Ramirez ay ang neurologist naman na si Dr. Mendoza ang nakausap niya. Ganoon din ang ipinaliwanag nito.

Mabigat ang mga hakbang niya habang patungo siya sa silid ni Zander. Nasa isip pa rin niya ang mga ipinaliwanag ng dalawang doktor.

Naguguluhan siya. Ayaw na sana niyang mapalapit na muli sa asawa. Staying with him even if it would only be temporary could be very dangerous. Mahihirapan siyang magpanggap sa harapan nito.

Kung siya lamang ang masusunod ay kahit habambuhay na hindi na sila magkita nito. Sariwa pa sa kanyang alaala ang masakit na ginawa nito sa kanya.

*Diyos ko! Ano'ng gagawin ko?* aniya sa isip.

Alam niyang wala siyang mapagpipilian kundi ang manatili sa tabi ni Zander hangga't hindi pa bumabalik ang memorya nito. Ayaw niyang dalhin sa konsyensya niya kung may masama mang mangyayari rito. Hindi niya mapapatawad ang sarili kapag nangyari iyon.

---

Muli ay nakamulat ang mga mata ni Zander at

halatang hinihintay si Ella nang pumasok siya sa pribadong silid nito.

Marahan niyang dinampian ng halik sa labi ang nakahigang lalaki.

“Ella…” namamalat na bulong nito. “Where have you been?” Itinaas nito ang isang kamay sa kanyang leeg upang pigilan siyang lumayo.

“You look much better,” komento niya habang titig na titig sa mukha ng lalaki. Tinangka niyang tanggalin ang kamay nito sa kanyang leeg. Pero may kakaibang lakas ngayon ang lalaki. Hindi nito pinayagang lumayo siya sa tabi nito.

“Please kiss me again.”

She kissed him lightly, but his hand pressed against her nape, holding her there while his mouth moved hungrily against hers.

Napapikit si Ella, nagpaubaya sa paghalik na iginawad nito sa kanya. Aaminin niya sa sariling matagal niyang kinasabikan ang mga labi ng asawa. Matagal niyang hinanap-hanap ang mga halik at yakap nito sa kanya.

Ilang segundo ang lumipas bago naghiwalay ang kanilang mga labi. Kaagad dumerecho ng tayo si Ella

at dumistansya sa kama ni Zander.

Napakunot-noo ito dahil sa ginawa niya. Gumalaw ang katawan nito.

"You must lie still," sabi niya. "Makakasama sa iyo ang sobrang pagkilos."

"Mas makakasama sa akin kung mawawala ka sa tabi ko." His eyes were bright with passion as they ran over her face, down to her body.

Kaagad nag-init ang kanyang mga pisngi.

"Lumapit ka sa akin, Ella," bulong nito.

Hindi niya pinakinggan iyon. Bagkus ay umupo siya sa upuang di-kalayuan sa kama nito. Iniwasan niyang mapatingin nang direkta sa mga mata nito. Alam niyang tinititigan siya ng lalaki.

"Hindi ako maaaring magtagal, Zander."

Matagal na hindi ito nakakibo.

"Kararating mo lang, bakit aalis ka agad?" Tila nagtatampo ang tono nito. "What is it, Ella? Why are you so distant?" malungkot na tanong nito.

Sumulyap siya sa mukha nito at nagpilit ngumiti. "I'm sorry if I sound distant. I've been so worried." Kahit sa sarili ay alam niyang totoo ang huling sinabi

niya. Narito siya ngayon sa tabi ng asawa dahil sa sobrang pag-aalala sa kalagayan nito.

Napansin niya ang kakaibang expression na pumuno sa mukha nito. “I’m sorry, too. It must be hard for you.” Bahagya nitong itinaas ang ulo mula sa unan.

*Hindi mo lang alam kung gaano kahirap sa akin ang sitwasyon kong ito*, sabi ng isip niya.

“Hindi ko alam kung paano ako naaksidente,” nahihirapang saad nito. “Wala akong maalala n’ung gabing mangyari ang aksidente. They won’t tell me, either, except that I crashed the car. Ang sinabi ng mga doktor ay kusa lang daw babalik ang memorya ko.”

Zander sounded ill, he sounded weak, but he did not sound as though he were dying. He was perfectly rational, perfectly clear.

“Huwag ka munang masyadong mag-isip,” aniya na muling tumayo at lumapit sa tabi ng kama nito. “Nakausap ko kanina ang mga doktor na tumitingin sa iyo. Ang sinabi nila ay unti-unti raw na babalik ang memorya mo kapag magaling na ang mga sugat at injury mo sa katawan.”

Hinawakan nito ang isang kamay niya. Dinala nito iyon sa bibig at mabining hinagkan. “Mas mapapadali

ang paggaling ko kapag narito ka lagi sa tabi ko." Tumingala ito sa kanya. "Ang ipinagpapasalamat ko lang nang malaki sa Diyos ay hindi kita kasama sa kotse noong gabing maaksidente ako."

Hindi napigilan ni Ella ang sarili na marahang haplusin ito sa noo. "You should try to sleep now, Zander. Kailangan ng katawan mo ang maraming pahinga para mabilis kang gumaling."

"Please stay with me while I'm sleeping," hiling nito.

Tumango siya. Mayamaya lamang ay unti-unti nang ipinikit ng lalaki ang mga mata. Ilang saglit pa ay nahihimbing na ito sa pagtulog. Matagal munang tinitigan ni Ella ang mukha nito.

Zander looked so exhausted that tenderness moved inside her.

Bago niya nilisan ang silid ay dinampian muna niya ng halik ang mga labi ng asawa.